# PANINILBIHAN SA MGA DAYUHAN

*by:*
**Shiela M. Rivera**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

"Napakaswerte mo naman at agad mong nakuha ang permanent position sa DepEd."

"Ay teacher yan! Malaki sahod nyan tapos wala man ginagawa, utos-utos lang."

Lubos na nakatataba ng puso at napakasarap sanang marinig ang mga katagang iyan kung ito sana ay totoong nararamdaman ng mga kaguruan dito sa Pilipinas. Sa nakaraang Licensure Examination for Teachers (LET) ng Professional Regulation Commission (PRC) ay 23,782 sa elementarya at 53,995 sa sekondarya ang eksaktong bilang ng mga pumasa bilang guro. Sa makatuwid, taon-taon ay may libu-libong passers ang nangangarap na makapasok sa mundo ng DepEd ngunit ilan lamang sa kanila ang pinapalad na magkaroon ng permanenteng posisyon. Ayon sa mga datos at iba't ibang pag-aaral, kahit pinapalad na makapasok ang ilan sa DepEd ay nananatili pa ring marami sa kanila ang mas pinipiling lumisan upang makapagtrabaho sa ibang bansa sa pag-asang mas maiaangat nila ang buhay ng kanilang mga pamilya dahil sa malaking pagkakaiba ng sahod dito sa Pilipinas at sa ibang bansa. Ayon sa PS-LINK ay mahigit 4,000 guro bawat taon ang mas pinipiling manilbihan sa US, Middle East, China, at Japan kasya manatiling magturo sa sariling bansa. Dahil sa pag-alis ng mga mahuhusay na guro natin ay nangungulila naman ang mga mag-aaral natin na makalasap ng dekalidad na pag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bakit nga ba umaalis ang mga mahuhusay nating guro? Nakalulungkot isipin na isa sa mga dahilan nito ay ang 20 beses na laki ng sahod muna sa ibang bansa kaysa dito sa Pilipinas. Hindi naman dahil sa mukhang pera ang mga pinoy, ngunit sa praktikal na kaisipan, ito ay nangangahulugan na mas mabibili nila ang pangangailangan ng kanilang pamilya kung mas malaki ang kanilang kita at makakaipon ng sapat na perang magagamit sa oras ng pangangailangan. Iba pang kadahilanan ay ang pagkakaroon ng pagkakataon ng mga guro sa ibang bansa na makapag-aral gamit ang iba't ibang scholarship na ibinibigay sa kanila upang mas lalo pang mapaunlad ang kanilang talento at kakayahan. Bukod pa rito, wala ring ibang trabaho ang guro sa ibang bansa kundi ang magturo kumpara sa ating bansa na kung saan nahahati ang oras at panahon ng mga guro sa pagtuturo at maraming paperworks na nakapagpapabagal sa pag-abot ng competencies na kailangang maituro sa mga mag-aaral kaya hindi nakapagtataka na isa sa pinakamababa ang Pilipinas pagdating sa larangan ng literasiya at numerasiya.

Tunay na napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga guro sa pag-unlad ng buong pagkatao at kaalaman ng mga mag-aaral. Nararapat na mabigyan ng halaga ang bawat pagod at puyat ng mga ito dahil hindi sapat ang kanilang natatanggap na benepisyo dito sa Pilipinas. Kung patuloy na magiging malaki ang diperensya ng sahod at pagpapahalagang natatanggap nila kumpara sa kayang ibigay ng mga dayuhan ay hindi magtatagal ay talagang tuluyan ng lilisan ang mahuhusay nating guro ay malulugmok na talaga ang Pilipinas sa may pinakamababang antas ng edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.gmanetwork.com/news/topstories/ulatfilipino/165772/gurong-pinoy-patuloy-na-nahihikayat-mangibang-bansa/story/